# Modyul 14
# Pagsusuri ng Akda Batay sa Teoryang Realismo at Pormalismo



## Tungkol saan ang modyul na ito?

Kumusta ka na? Naging kawili-wili ba ang nakaraan mong aralin? Mabuti naman. Natutuwa ako't lumalawak ang iyong kaalaman. Ngayon ay dalawang panibagong aralin ang iyong pag-aaralan. Natitiyak kong maiiibigan mo ito sapagkat pawang magagandang kuwento. Naghanda rin ako ng iba't ibang gawaing sadyang kapaki-pakinabang at hahamon sa iyong kakayahan.

Narating mo na ba ang magaganda't makasaysayang pook sa Maynila tulad ng Luneta, Fort Santiago, Wow Philippines sa Intramuros at iba pa. May isang pook sa Maynila na di makakaligtaang puntahan ng mga tao lalo na yaong deboto ng Nazareno tuwing araw ng Biyernes. Alam mo ba kung saan ito? Tama, ang iyong hula… Quiapo!


Iba't ibang uri ng tao ang matatagpuan sa paligid ng simbahan ng Quiapo. Narito ang mga tinderang may iba't ibang paninda…damit… gamit sa bahay… santo… halamang gamot. Matatagpuan mo rin rito ang mga manghuhula, manghihilot at mga pulubi… Pulubing umaamot ng kaunting barya. Subalit gaya ng paniniwala ng mga nakararami, halos lahat sila'y hawak ng mga sindikato.. Sindikatong masasabing halang ang kaluluwa. Mapagsamantala sa kahinaan ng kanilang kapwa. Ito ang pinakadiwa ng kuwentong babasahin mo, ang "Mabangis na Lungsod" na isinulat ni Efren Abueg.

Matanong nga kita, ikaw ba ang taong mapanghusga sa kapwa? Mareklamo? At mapagbintang? Maraming nagiging biktima ng maling akala. Minsan, tayo ang nagiging instrumento upang mapariwara ang iba subalit kung magiging maingat lamang tayo sa ating mga kilos, pananalita at gawain, tiyak na maiiwasan ang di-magagandang pangyayari gaya ng pagkapahamak ng ating kapwa, pagkasira ng isang magandang relasyon, paglalayo ng magkaibigan, pagtatanim ng galit sa puso, pagkawasak ng tahanan at iba pang negatibong bunga ng pangyayari at emosyon. Walang unang pagsisisi, ika nga disin sana, wala nang taong iginupo ng kahinaan nang dahil sa pagkakamaling nagawa. Makalibo mang beses na magsisi, di na maibabalik pa ang kamay ng orasan upang maliwanag na mapaghandaan ang darating na kapahamakan. Ito naman ang iyong mababasa sa ikalawang kuwento na babasahin mo, Ang Kalupi na isinulat ni Benjamin Pascual.



## *Ano ang matututunan mo?*

Nailalapat ang mga batayang kaalaman at kasanayan sa mapanuring pagbasa/pag-unawa sa iba't ibang genre ng panitikan.



## *Paano mo gagamitin ang modyul na ito?*

Gabay sa pansariling pagkatuto ang modyul na ito. Gagamitin mo ito bilang patnubay sa tulong ng mga tuntunin. Upang maging makabuluhan at wasto ang iyong paggamit, kailangang maging malinaw sa iyo ang mga gawain.

1. Sagutin mo ang Panimulang Pagsusulit o ang bahaging Ano Ba ang Alam Mo? Gabay ito upang masukat ang lawak ng iyong kaalaman sa paksa.

2. Sa tulong ng susi ng pagwawasto na nasa iyong guro, iwasto mo ang iyong mga sagot. Kung nagkaroon ka man ng maraming kamalian huwag kang mag-alala. Tutulungan ka ng mga gawaing inihanda ko.

3. Basahin at unawain mong mabuti ang nilalaman ng kuwento. Isagawa mo ang mga kaugnay na gawain.

4. Tingnan mo kung naragdagan ang iyong kaalaman. Sagutin mo ang pangwakas na pagsusulit o ang bahaging Gaano Ka Na Kahusay? Pagkatapos, iwasto mo ang iyong sagot sa tulong ng susi sa pagwawasto. Maging matapat ka sana sa pagwawasto.

5. Gamitin mo nang wasto ang modyul na ito. Huwag susulatan. Gumamit ka ng hiwalay na papel o kaya ay notbuk. Ang isang kaibigang nagmamalasakit ay dapat mong pahalagahan sapagkat mahalaga ka rin para rito.



## *Ano na ba ang alam mo?*

Huwag kang matakot sa pagsusulit na ito. Layon lamang ng pagsusulit na masukat ang dati mo nang kaalaman tungkol sa paksa.

Handa ka na ba?

Magsimula ka na!

Piliin at isulat ang letra ng wastong sagot sa bawat bilang.

1. Parami nang parami ang mga taong naghihikahos sa buhay. Alin sa mga sumusunod ang kasingkahulugan ng may salungguhit?

   a. nagdurusa b. naghihirap c. nagugutom d. naghihinagpis

2. Maya-maya pa ay parang kidlat na gumuhit sa kanyang alaala ang gusgusing batang kanyang nakabanggga. Ang tayutay na ginamit sa pangungusap ay:

   a. pagwawangis b. pagtutulad c. pagmamalabis d. pagsasatao

3. May kung anong sumulak sa kanyang ulo, mandi'y gagahanip ang tingin niya sa batang kaharap. Ang may salungguhit ayon sa pagkakagamit sa pangungusap ay nangangahulugan ng:

   a. isang uri ng insekto b. mukhang hayop
   c. mahinang-mahina d. maliit lamang

4. Bawat tao'y may karapatang mabuhay sa daigdig. Huwag ipagkait sa sinuman ang karapatang ito. Alin sa mga sumusunod na pahayag ang may katulad na paniniwala?

   a. Hindi tayo dapat manghimasok sa karapatan ng ating kapwa.
   b. Igalang ang mga karapatan ng ating kapwa. Lahat ay may karapatang mabuhay nang marangal.
   c. Hindi dapat abusuhin ang kahinaan ng ating kapwa.
   d. Hindi kayang pigilan ng tao ang kalayaang pumili ng hanapbuhay.

5. "Ikaw ang dumukot sa pitaka ko, ano? Huwag kang magkakaila!" Ang nagsasalita ay:

   a. nagtatanong b. nagpaparatang c. nagpupumilit d. naninisi

6. "Magaling, magaling ang sistema ninyong iyan. Kikita nga kayo rito sa palengke." Ipinahihiwatig ng nagsasalita na siya'y

   a. pumupuri b. nang-uuto c. nasisiyahan d. nanlilibak

7. Ang pagsama ng isang tao dahil sa pagmamalupit ng kanyang kapwa ay nasasalig sa:

   a. realidad ng buhay  b. batas ng buhay
   c. kultural na pananaw  d. kapalaran ng tao

8. Sabihin mo kung <u>tama</u> o <u>mali</u> ang sumusunod na pahayag: Ang suliranin sa kuwento ay tumutukoy sa pagkamatay ng bata.

9. Ang taong nakararanas ng kabiguan ay yaong agad na:

   a. humihinto  b. sumusuko  c. naghahangad  d. natatakot

10. Kung hindi mo nakita ang buong pangyayari, hindi ka dapat:

    a. nagsasalita  b. mang-away  c. magyabang  d. magparatang

Iwasto ang iyong sagot. Hiramin mo sa iyong guro ang susi sa pagwawasto.

Naging madali ba sa iyo ang pagsusulit? Aling bahagi ang madali sa iyo at aling bahagi naman ang mahirap? Huwag kang mag-alala. Panimula pa lamang naman iyan. Sinusukat lamang naman nito ang taglay mong kaalaman tungkol sa paksa. Tutulungan kitang maipaunawa sa iyo ang iba't ibang kasanayang dapat mong matutunan at ang magandang pag-uugaling makapagpapaunlad ng iyong katauhan sa pamamagitan ng mga gawaing aking inihanda.

# V. Aralin 1 – Mabangis na Lungsod

## A. Anu-ano ang mga tiyak na matututunan mo?

1. Napapalawak ang talasalitaan sa tulong ng iba't ibang paraan ng pagbibigay-kahulugan sa salita
   Natutukoy at nabibigyang-kahulugan ang mga pahiwatig na kilos, pahayag o kaisipan

2. Naibibigay ang tiyak na bahagi ng akda na nagpapakita ng magkatulad na paniniwala

3. Nasusuri ang akda sa pamamagitan ng pagtukoy sa mga pangyayaring nagpapakita ng teoryang realismo

4. Napapatunayan ang kahalagahan ng pagtitiyaga at katatagan sa buhay

5. Nakabubuo ng isang maikling kuwento sa tulong ng mga klu


## ✍ *Mga Gawain sa Pagkatuto*

**1. Alamin mo…**

• Pamilyar ka ba sa lugar ng Quiapo? Tingnan ko kung mailalagay mo ang tamang diskripsyon sa mga lugar na matatagpuan sa Quiapo. Piliin mo ang tamang titik sa loob ng kahon sa ibaba.



Quiapo Church



Moske ng mga Muslim

Carriedo St.

UNDERPASS

Carriedo Shopping Mall

Plaza Miranda

a. Panalanginan ng mga taong deboto sa Mahal na Poong Nazareno tuwing araw ng Biyernes.
b. Tulad ng Divisoria marami ritong paninda.
c. Lagusang dinaraanan ng mga taong nagmula sa iba't ibang panig ng Kamaynilaan.
d. Pinagdarausan ng prayer rally, demonstrasyon ng mga manggagawa atbp.
e. May mga sumasambang nakayapak at patuwad kung manalangin.
f. Sentro na pinupuntahan ng mga taong mabibilang sa "lower bracket" ng pamumuhay.
g. Isang pasyalan ng magsing-irog kung dapithapon.

• Tumama ba ang iyong diskripsyon? Kunin mo ang susi sa pagwawasto na nasa iyong guro. Sa palagay ko tumpak lahat ang iyong kasagutan dahil kilalang pook ang Quiapo sa Kamaynilaan.

• May malaking kaugnayan ang katatapos mong gawain sa kuwentong babasahin mo. Tingnan ko lang kung hindi maantig ang iyong damdamin sa mga pangyayaring ito.

**2. Basahin mo…**

Basahin at unawain mong mabuti ang nilalaman ng sumusunod na kuwento.

Handa ka na ba?

Simulan mo na!

**MABANGIS NA LUNSOD**
**(Efren Reyes Abueg)**

Ang gabi ay mabilis na lumatag sa mga gusali, lumagom sa malalaki't maliliit na lansangan, dumantay sa mukha ng mga taong pagal, sa mga taong sa araw-araw ay may bagong lunas na walang bisa. Nguni't ang gabi ay waring maninipis na sutla lamang ng dilim na walang lawak mula sa lupa hanggang sa mga unang palapag ng mga gusali. Ang gabi ay ukol lamang sa dilim sa kalangitan sapagka't ang gabi sa kalupaan ay hinahamig lamang ng mabangis na liwanag ng mga ilaw-dagitab.

Ang gabi ay hindi napapansin ng labindalawang taong gulang na si Adong. Ang gabi ay tulad lamang ng pagiging Quiapo ng pook na iyon. Kay Adong, ang gabi'y naroroon, hindi dahil sa may layunin sa pagiging naroon, kundi dahil sa naroroon, katulad ng Quiapo. Sa walang muwang na isipan ni Adong, walang kabuluhan sa kanya kung naroon man o wala ang gabi- at ang Quiapo.

Nguni't isang bagay ang may kabuluhan kay Adong sa Quiapo. Alisin na ang nagtatayugang gusali roon, alisin na ang bagong lagusan sa ilalim ng lupa, alisin na ang mga tindahang hanggang sa mga huling  oras ng gabi'y mailaw at maingay. Huwag lamang matitinag ang simbahan at huwag lamang mababawasan ang mga taong pumapasok at lumalabas doon, dahil sa isang bagay na hinahanap sa isang marikit na altar. Sapagka't ang simbahan ay buhay ni Adong.

Kung ilang hanay ang mga pulubing naroroon at mga nagtitinda ng tiket ng suwipistek, ng kandila, ng kung anu-anong ugat ng punongkahoy at halaman. At sa mga hanay na iyon ay nakatunghay ang simbahan, naaawa, nahahabag. At nakatingala naman ang mga nasa hanay na iyon, kabilang si Adong. Hindi sa simbahan kundi sa mga taong may puso pa upang dumukot sa bulsa at maglaglag ng singko o diyes sa maruruming palad.

Mapapaiyak  na si Adong. Ang tingin niya tuloy sa mga ilaw-dagitab ay parang mga piraso ng apoy na ikinakalat sa kalawakan. Kangina pa siyang tanghali sa loob ng marusing na bakuran  ng  simbahan.  Nagsawa na ang kanyang mga bisig sa kalalahad ng kamay, nguni't ang mga sentimong kumakalansing sa kanyang bulsa ay wala pang tunog ng katuwaan. Bagkus ang naroon ay bahaw na tunog ng babala. Babalang ipinararamdam ng  pangangalam ng kanyang sikmura at sinasapian pa ng takot na waring higad sa kanyang katawan.

"Mama… Ale, palimos na  po."

Ang maraming mukhang nagdaraan ay malalamig na parang bato, ang imbay ng mga kamay ay hiwatig ng pagwawalang-bahala, ang hakbang ay nagpapahalata ng pagmamadali ng pag-iwas.

"Singko po lamang, Ale… hindi pa po ako nanananghali!"

Kung may pumapansin man sa panawagan ni Adong, ang nakikita naman niya ay irap, pandidiri, pagkasuklam. "Pinaghahanapbuhay 'yan ng mga magulang para maisugal," madalas naririnig ni Adong. Nasasaktan siya sapagka't ang bahagi ng pangungusap na  iyon ay untag sa kanya ni Aling Ebeng, ang matandang pilay na kanyang katabi sa dakong liwasan ng simbahan.

At halos araw-araw, lagi siyang napapaiyak, hindi lamang niya ipinapahalata kay Aling Ebeng, ni kanino man sa naroroong nagpapalimos. Alam niyang hindi maiiwasan ang paghingi sa kanya nito ng piso, sa lahat. Walang bawas.

"May reklamo?" ang nakasisindak na tinig ni Bruno. Ang mga mata nito'y nanlilisik kapag nagpatumpik-tumpik siya sa pagbibigay.

At ang mga kamay ni Adong ay manginginig pa habang inilalagay niya sa masakim na palad ni Bruno ang salapi, mga sentimong matagal ding kumalansing sa kanyang bulsa, nguni't kailan man ay hindi nakarating sa kanyang bituka.

"Maawa na po kayo, Mama… Ale… gutom na gutom na ako!"

Ang mga daing ay walang halaga, waring mga patak ng ulan sa malalaking bitak ng lupa. Ang mga tao'y bantad na sa pagpapalimos ng maraming pulubi. Ang mga tao'y naghihikahos na rin. Ang panahon ay patuloy na ibinuburol ang karukhaan.

Ang kampana ay tumugtog at sa loob ng simbahan, pagkaraan ng maikling sandali, narinig ni Adong ang pagkilos ng mga tao, papalabas, waring nagmamadali na tila ba sa wala pang isang oras na pagkakatigil sa simbahan ay napapaso, nakararamdam ng hapdi, hindi sa katawan, kundi sa kaluluwa. Natuwa si Adong. Pinagbuti niya ang paglalahad ng kanyang palad at pagtawag sa mga taong papalapit sa kanyang kinaroroonan.

"Malapit nang dumating si Bruno…" ani Aling Ebeng na walang sino mang pinatutungkulan. Manapa'y para sa lahat na maaaring makarinig.

Biglang-bigla, napawi ang katuwaan ni Adong. Nilagom ng kanyang bituka ang nararamdamang gutom. Ang pangambang sumisigid na kilabot sa kanyang mga laman at nagpapatindig sa kanyang balahibo ay waring dinaklot at itinapon sa malayo ng isang mahiwagang kamay. Habang nagdaraan sa kanyang harap ang tao - malamig walang awa, walang pakiramdam - nakadarama siya ng kung anong bagay na apoy sa kanyang gutom at pangamba. Kung ilang araw na niyang nadarama iyon, at hanggang sa ngayon ay naroroon pa't waring umuuntag sa kanya na gumawa ng isang marahas na bagay.

Ilang singkong bagol ang nalaglag sa kanyang palad, hindi inilagay kundi inilaglag, sapagka't ang mga palad na nagbigay ay nandidiring mapadikit sa marurusing na palad na wari bang mga kamay lamang na maninipis ang malinis. Dali-daling inilagay ni Adong ang mga bagol sa kanyang bulsa. Lumikha iyon ng bahaw na tunog nang tumama sa iba pang sentimong nasa kanyang lukbutan. Ilan pang bagol ang nalaglag sa kanyang palad at sa kaabalahan niya'y hindi niya napansing kakaunti na ang taong lumalabas mula sa simbahan. Nakita na naman ni Adong ang mga mukhang malamig, ang imbay ng mga kamay na nagpapahiwatig ng pagwawalang-bahala, ang mga hakbang ng pagmamadaling pag-iwas.

"Adong… ayun na si Bruno," narinig niyang wika ni Aling Ebeng.

Tinanaw ni Adong ang inginuso sa kanya ni Aling Ebeng. Si Bruno nga. Ang malapad na katawan. Ang namumutok na mga bisig. Ang maliit na ulong pinapangit ng suot na gora. Napadukot si Adong sa kanyang bulsa. Dinama niya ang mga bagol. Malamig. At ang lamig na iyon ay hindi nakasapat upang ang apoy na nararamdaman niya kangina pa ay mamatay. Mahigpit niyang kinulong sa kanyang palad ang mga bagol.

Diyan na kayo, Aling Ebeng… sabihin ninyo kay Bruno na wala ako!" mabilis niyang sabi sa matanda.

"Ano? Naloloko ka ba, Adong? Sasaktan ka ni Bruno. Nakita ka ni Bruno!"

Narinig man ni Adong ang sinabi ng matanda, nagpatuloy pa rin sa paglakad, sa simula'y marahan, nguni't nang makubli siya sa kabila ng bakod ng simbahan ay pumulas siya ng takbo. Lumusot siya sa pagitan ng mga dyipni na mabagal sa pagtakbo. Sumiksik siya sa kakapalan ng mga taong salu-salubong sa paglakad. At akala niya'y nawala na siya sa loob ng sinuot niyang mumunting iskinita.

Sumandal siya sa poste ng ilaw-dagitab. Dinama niya ang tigas niyon sa pamamagitan ng kanyang likod. At sa murang isipang iyon ni Adong ay tumindig ang tagumpay ng isang musmos sa paghihimagsik, ng paglayo kay Bruno, ng paglayo sa Quiapo, ng paglayo sa gutom, sa malalamig na mukha, sa nakatunghay na simbahan, na kabangisang sa mula't mula pa'y nakilala niya at kinasuklaman. Muling dinama niya ang mga bagol sa kanyang bulsa. At iyon ay matagal din niyang pinakalansing.

'Adong!" Sinundan iyon ng papalapit na mga yabag.

Napahindik si Adong. Ang basag na tinig ay naghatid sa kanya ng lagim. Ibig niyang tumakbo. Ibig niyang ipagpatuloy ang kanyang paglaya. Nguni't ang mga kamay ni Bruno ay parang bakal na nakahawak na sa kanyang bisig, niluluray ang munting lakas na nagkaroon ng kapangyarihang maghimagsik laban sa gutom, sa pangamba at sa kabangisan.

"Bitiwan mo ako, Bruno! Bitiwan mo ako!" naisigaw na lamang ni Adong.

Nguni't hindi na niya muling narinig ang basag na tinig. Naramdaman na lamang niya ang malulupit na palad ni Bruno. Natulig siya. Nahilo. At pagkaraan ng ilang sandali, hindi na niya naramdaman ang kabangisan sa kapayapaang biglang kumandong sa kanya.

- Naantig ba ang iyong damdamin hinggil sa mga pangyayaring kinasangkutan ng pangunahing tauhan? Bakit? Sumagi ba sa iyong isipan na mas mapalad ka pa rin sa kanya dahil hindi mo kailangang mamalimos para mabuhay.

- Ngayon naman isagawa mo ang inihanda kong mga gawain kaugnay ng kuwentong binasa mo.

**3. Linangin mo…**

**a. Pagsusuring Panlinggwistika**

- Bigyang-kahulugan mo ang mga pahiwatig sa kilos, kaisipan at pahayag ng mga sumusunod na bilang. Piliin mo ang titik ng tamang sagot sa ibaba.

1. Ang gabi ay ukol lamang sa dilim sa kalangitan sapagkat ang gabi sa kalupaan ay kinamig lamang ng mabangis na mga ilaw-dagitab.

2. Dinama niya ang mga bagol na malamig. At ang lamig na iyon ay waring dugong biglang tumagos sa kanyang mga ugat.

3. Sa murang isipang iyon ni Adong ay tumindig ang tagumpay ng isang musmos na paghihimagsik.

4. Nakita ni Adong ang mga mukhang malamig, mga imbay ng kamay na nagpapahiwatig ng pagwawalang-bahala at mga hakbang ng pagmamadaling pag-iwas.

   a. Larawan ng pagkatakot sa maaaring mangyari.
   b. Nadama niya ang hirap na dinaranas niya sa panlilimos.
   c. Sa gabi nagaganap ang kalungkutan at kasamaan ng mga tao.
   d. Natuto siyang lumaban sa gitna ng kanyang pahat na isipan.
   e. Naglipana ang masasama pagsapit ng gabi.

Piliin at isulat ang letra ng wastong sagot sa bawat bilang.

1. Ang gabi'y mabilis na lumatag sa mga gusali, dumantay sa pagal na mukha ng mga taong araw-araw ay may bagong lunas na walang bisa. Ang mukha ng mga tao ay kababanaagan ng

   a. kasungitan b. kapaguran
   c. kapayatan d. kalungkutan

2. Nag-iiwan ng mumunting katuwaan ang bawat kalansing ng bagol. Magkano ang katumbas na halaga nito?

   a. isang sentimo b. piso
   c. singko sentimos d. dalawang sentimo

3. Dali-daling inilagay ni Adong ang mga bagol sa kanyang bulsa. Paano inilagay ni Adong ang mga bagol sa kanyang bulsa?

   a. mabagal b. mabilis
   c. maingat d. marahan

4. Natuwa si Adong. Pinagbuti niya ang paglalahad ng kanyang palad at pagtawag sa mga taong papalapit sa kanyang kinaroroonan. Ano ang ipinakikitang gawain ni Adong?

   a. pagsuko b. pamamalimos
   c. pagmamakaawa d. pagbibigay

5. Pagkaraan ng ilang sandali, hindi na niya naramdaman ang kabangisan sa kapayapaang biglang kumandong sa kanya. Ano ang nangyari kay Adong?

   a. nawalan ng malay b. nahilo
   c. namatay d. natulog

6. Napahindig si Adong. Ang basag na tinig ay naghatid sa kanya ng lagim. Ano ang kanyang naramdaman?

   a. natulala b. labis na natakot
   c. nanghihinayang d. kinakabahan

7. Nagpasikut-sikot siyang tumawid ng daan bago pumulas ng takbo. Ano ang ginawa ni Adong?

   a. huminto b. nagtago
   c. tumalikod d. tumakas

**b. Pagsusuring Pangnilalaman**

- Piliin sa ibaba ang katugmang pahayag ng mga sumsunod na bilang.

  Letra lamang ang isulat.

1. Alisin na ang lahat huwag lamang matitinag ang simbahan at ang mga taong pumapasok at lumalabas doon.

2. Halos araw-araw, lagi siyang napapaiyak, hind lamang niya ipinahahalata kay Aling Ebeng.

3. Ang kampana ay tumugtog at sa loob ng simbahan, narinig ni Adong ang pagkilos ng mga taong papalabas at waring nagmamadali.

4. “Malapit nang dumating si Bruno

“ani Aling Ebeng na walang sinumang pinatutungkulan.

5. Ang basag na tinig ay naghahatid sa kanya ng lagim.. Ibig niyang ipagpatuloy ang kanyang paglayo.

6. Ilang singkong bagol ang nalaglag sa kanyang palad, hindi inilagay kundi inilaglag.

7. Mahigpit niyang kinulong sa kanyang palad ang mga bagol.

a. Hindi maiwasan ang paghingi ni Bruno sa kanya ng piso at sa lahat, walang bawas. Hindi na niya muling narinig ang tinig.
b. Naramdaman na lamang niya ang malulupit na palad ni Bruno.
c. Biglang-bigla, napawi ang katuwaan ni Adong. Nilagom ng kanyang bituka ang nararamdamang gutom.
d. Ang simbahan ay buhay ni Adong.
e. Pinagbuti niya ang paglalahad ng kanyang palad at pagtawag sa mga taong papalapit sa kinaroroonan niya.
f. Hindi napapansin ni Adong ang gabi.
g. Hinding-hindi niya ito ibibigay kay Adong.
h. Nandidiri ang mga nanlilimos sa kanya.

- Suriin mo ang nilalaman ng akda ayon sa sumusunod na balangkas.

I. Tema/Paksa

II. Suliranin

III. Tauhan

A. Protagonista

B. Antagonista

Alamin mo muna ang nasa loob ng kahon bago mo suriin ang tauhan.

Alam mo ba na tauhang ***bilog a***ng tawag sa tauhang may pagbabagong nagaganap habang nagpapatuloy ang mga pangyayari sa kuwento samantalang ***lapad*** ang itawag mo sa tauhang di kinakitaan ng pagbabago mula sa simula hanggang sa wakas. Halimbawa, kung sa simula siya ay masama ngunit nagsisi at nagpakabuti naman sa huli ito ay ***bilog***. Kung sa simula naman ang tauhan ay mabuti at mabuti pa rin hanggang sa huli ito ay ***lapad***.

C. Tauhang Bilog

D. Tauhang Lapad

IV. Tagpuan

V. Banghay

Pangyayari 1

Pangyayari 2

Pangyayari 3

Kasukdulan

Kakalasan

Wakas

- Nasuri mo bang mabuti ang kuwento ayon sa balangkas na ipinagamit ko sa iyo. Kung naunawaan mong mabuti ang kuwento, magiging madali lamang sa iyo ang pagsusuri.

**c. Pagsusuring Pampanitikan**

- Bago mo isagawa ang sumusunod na gawain mahalagang malaman mo kung anong pananaw pampanitikan ang angkop sa kuwentong ito. Basahin at unawain mong mabuti ang nasa loob ng kahon.

| |
|---|
| Ang binasa mong akda ay isang kathang pampanitikang ang layuni'y maglahad o magsalaysay ng isang nangingibabaw na pangyayari sa buhay ng pangunahing tauhan.<br>Kung inunawa mo ang kuwento, maraming realidad ng buhay ang ipinakita ng may-akda rito. Sa pananaw ng mga realista, higit na mahalaga ang katotohanan kaysa kagandahan. Alam mo bang binibigyang-diin nila ang makatotohanang paglalahad at paglalarawan ng mga bagay, mga tao at lipunan.<br>Ang tauhan sa pananaw realismo ay dapat na maipakitang nagbabago nang walang tigil kung hindi man sa kanyang pisikal na anyo ay sa sikolohikal, intelektwal, ispiritwal o emosyonal na aspeto. Malakas din na salik ang kapaligiran, ang kalikasan, ang ugnayan ng tao sa pagbabago at pag-unlad mismo ng tao. |

Isulat mo ang **A** kung ang isinasaad ng pahayag ay makatotohanan at **B** kung hindi.

1. Madalas naririnig ni Adong, "Pinaghahanapbuhay iyan ng mga magulang para maisugal". Nasasaktan siya.

2. Ang mga daing ng pulubi ay walang halaga. Ang mga tao'y bantad na sa pagpapalimos ng maraming pulubi. Sila'y naghihikahos na rin.

3. Maganda ang pananaw ni Adong sa buhay. Maligaya siya kahit nahihirapan.

4. Nakadarama siya ng kung anong bagay na apoy sa kanyang kalooban, waring umuuntag sa kanya na gumawa ng isang marahas na bagay laban kay Bruno.

5. Sa tingin ni Adong, mararangal ang mga taong pumapasok at lumalabas ng simbahan.

6. Masasama ang mga taong nasa paligid ng Quiapo.

7. Kalupitan ang nagtutulak sa tao upang maghimagsik.

• Lagyan mo ng ★ ang mga bilang na nagpapakita ng realidad ng buhay na inilalarawan ng may-akda sa kuwento.

1. Paggamit ng mga sindikato sa mga batang paslit para mamalimos.

2. Ang pamamalimos ay gawain ng mga sindikato.

3. Tunay ang simbahan ng Quiapo ay itinuturing na sagrado ng deboto ng Mahal na Poong Nazareno; marami rin sa paligid ng simbahang ito ang manloloko at mapanlamang sa kapwa.

4. Pag-aaruga ng nakakatandang pulubi sa mga batang tulad din niya na nangangailangan ng pagkalinga at pagmamahal.

5. Pagsasamantala ng malalakas sa mga mahihina.

6. Sa oras ng kaapihan, ang murang puso at pahat na isipan ay handang lumaban.

7. Sa bawat kalansing ng sentimo sa latang lalagyan tuwa ang nararamdaman.

**d. Halagang Pangkatauhan**

• Ang pagtitiyaga at katatagan ng loob sa buhay ay lubhang kailangan sa pagharap sa mga suliranin sa buhay. Kaugnay nito, isagawa mo ang sumusunod na gawain.

• Isulat mo ang tsek (√) kung ang pahayag ay nagsasaad ng pagtitiyaga at katatagan at (X) kung hindi.

1. Mapapaiyak na si Adong. Nagsawa na ang kanyang mga bisig sa kalalahad ng kamay.

2. Nakatingala ang mga pulubi, kabilang si Adong sa mga taong may puso pa upang dumukot sa bulsa at maglalaglag ng singko o diyes sa maruruming palad.

3. Nang dumating si Bruno, pumulas siya ng takbo, sumiksik siya sa kakapalan ng mga taong salu-salong sa paglakad.

4. Pinagbuti niya ang paglalahad ng kanyang palad at pagtawag sa mga taong papalapit sa kanyang kinarororoonan.

5. Kangina pa siyang tanghali sa loob ng bakuran ng simbahan.

6. Ipinasya niyang takasan ang pagmamalupit ni Bruno sa kanya.

7. Tumanda na si Aling Ebeng sa pamamalimos sa Quiapo at bahagi ng kanyang buhay ang walang sawang pagbibigay ng kita kay Bruno.

- Nasiyahan ka ba sa mga inihanda kong mga gawain? Natugunan mo ba ito nang maayos?

Kunin mo ang Susi sa Pagwawasto sa iyong guro at iwasto mo ang iyong gawain para matiyak ang katumpakan nito. Kung ang mga sagot sa Pagsusuring Pangnilalaman ay kadiwa ng nasa susi, ito ay katanggap-tanggap.

**4. Palalimin mo…**

Alam mo ba na ang lahat ng nangyayari sa buhay ng isang tao ay hindi niya kagustuhan. Kung minsan, dahil na rin sa mga pangyayaring ito, tayo ay nagiging mahina na hindi naman nararapat. Dapat mong malaman na anumang suliranin ay may kaakibat na sanhi, epekto at solusyon. Ito ang nais kong isagawa mo sa sumusunod na gawain.

- Pagtalakay sa Sanhi at Bunga PECS (Problem, Cause. Effect, Solution)

• Isagawa mo ang hinihingi ng nasa tsart.

| Suliranin | Sanhi | Bunga | Solusyon |
|---|---|---|---|
| 1. Kapabayaan ng magulang sa pag-aaruga ng anak. | | | |
| 2. Pag-aabuso sa karapatan ng kapwa. | | | |
| 3. Pagdami ng mga pulubi sa paligid ng mga simbahan. | | | |
| 4. Pagdami ng mga batang lansangan. | | | |
| 5. Pagkalat ng mga sindikatong gumagamit ng mga kabataan sa panlilimos at pagnanakaw. | | | |

• Muli mong kunin ang Susi sa Pagwawasto sa iyong guro. Kung ang mga naging tugon mo ay malapit sa susi, ito ay katanggap-tanggap.

• Kaugnay pa rin ng gawaing ito, isagawa mo pa ang kasunod na gawain.

• Piliin mo sa ibaba ang solusyong nararapat sa mga suliraning ipinahahayag sa bawat bilang.

1. Nagsawa na ang kanyang bisig sa kalalahad ng kamay ngunit ang mga sentimong kumakalansing sa kanyang bulsa ay wala pang katuwaan.

2. At halos araw-araw, lagi siyang napapaiyak, hindi lamang niya ipinahahalata kanino man sa naroroong nagpapalimos.

3. Nakasisindak ang tinig ni Bruno. Ang mga mata nito'y nanlilisik pag nagtumpik-tumpik siya sa pagbibigay.

4. Ang mga tao'y bantad na sa pagpapalimos ng maraming pulubi. Ang mga tao'y naghihikahos na rin. Ang panahon ay patuloy na ibinuburol

ng karukhaan.

5. Ilang araw na niyang nadarama ang apoy sa kanyang kalooban at waring umuungot na sa kanya na gumawa ng isang marahas na bagay.

6. Lumalala ang kahirapan sa lipunan.

7. Patuloy ang pagdagsa ng mga taga-lalawigan sa lungsod.

a. Sipag at tiyaga ang susi sa pag-unlad ng isang tao.
b. Maging matatag at lakasan ang loob sa pagharap sa mga pagsubok sa buhay.
c. Isipin ang tama at marangal na paraan para mabuhay.
d. Huwag matakot. Ipaglaban ang karapatang mabuhay sa mundo.
e. Makipaglaban at isaisip na matira ang matibay.
f. Maging mahinahon, magtimpi at umiwas sa paggawa ng masama.
g. Pagyamanin ang kabuhayan at maging mapamaraan sa buhay.
h. Matulog, magsikap at magbanat ng buto

**5. Gamitin mo…**

- Pag-aralan mo ang sumusunod na sitwasyon. Pagkatapos, sagutin mo ang mga tanong. Piliin mo ang tamang titik sa ibaba na tutugon dito.

Larawan ng kahirapan ang inyong buhay. Nag-iisa kang anak. Nasa ika-6 na baitang ka sa elementarya. Pilit itong ginagapang ng iyong mga magulang. Ngunit ang inyong kahirapan ay sinundan pa ng dagok ng kapalaran… ______ naaksidente ang iyong mga magulang. Namatay ang iyong ama samantalang ang iyong ina na nabuhay ay naimbalido naman.

Sa ganitong sitwasyon at mura mong isipan, ano ang gagawin mo?

a. Hihinto sa pag-aaral at maghahanapbuhay.
b. Mamalimos na lamang.
c. Hihingi ng tulong sa DSWD.
d. Susulat sa Pangulo ng Pilipinas at hihingi ng tulong.

- Kung dumating sa iyo ang sumusunod na sitwasyon, ano ang iyong gagawin?

| |
|---|
| Kabilang ka sa mga batang lansangan. Wala ka nang magawa sa iyong buhay dahil nagkaroon ka ng iresponsableng ama. Ang iyo namang ina ay isa lamang labandera kaya natuto kang mamalagi sa lansangan. Isang araw, may nagpakilala sa iyong tao na tutulong upang gumaan ang iyong buhay. Hindi mo siya kakilala! Ano ang gagawin mo? |

a. Sasama ako para makaahon sa kahirapan.
b. Pag-aaralan ko muna ang kanyang pagkatao at mga inaalok bago ako sumama.
c. Tatawag ako ng pulis at ipahuhuli ko siya.
d. Isasama ko ang kapwa ko batang lansangan sa pagsama sa kanya.

- Naawa't nahahabag ka ba sa mga persona sa ibinigay kong sitwasyon? Iwasto mo ang iyong sagot gamit ang susi sa pagwawasto.

**6. Sulatin mo…**

- Naranasan mo na bang sumulat ng isang kuwento? Hindi ka ba nahirapan? Tingnan ko kung pwede ka ng maging isang kwentista.
- Batay sa dalawang sitwasyong ibinigay ko sa katatapos na gawain, dugtungan mo ang nasa loob ng mga kuwadro. Umisip ka ng iyong tauhan at

tagpuan.

Kuwadro 1

| |
|---|
| Tagpuan<br>Naganap ang kuwento sa ______ noong ______.<br>Ipinahihiwatig ito ng mga salitang _______. |

Kuwardo 2

| |
|---|
| Tauhan<br>Si _____ ang pangunahing tauhan. Siya ay _____.<br>Sa palagay ko si _____ ang may katangiang _____ at _____ dahil sa _____. |

Kuwadro 3

| |
|---|
| Banghay<br>Nagsimula ang kuwento sa _____. Pagkatapos _____. Sinundan ito ng _____. Pagkatapos ay _____. Nalutas ang problema nang _____.<br>Nagwakas ang kuwento nang _______. |

• Madali lang di ba? Kung nasundan mo lang ang pardon, tiyak tama ka! Muli mong iwasto ang iyong gawa gamit ang susi sa pagwawasto.

**7. L agumin mo…**

Sa tulong ng mga susing salita sa loob ng kahon, bumuo ka ng mga konseptong lumutang sa aralin.

| | | | |
|---|---|---|---|
| Kailangan | bahay | sa | tibay |
| ang | sadyang | ng | pakikipagsapalaran |
| loob | sa | katatagan | manalig |
| at | ng | Diyos | upang |

| | | | |
|---|---|---|---|
| Pagsisikap | | katatagan | kapwa |
| buhay | sarili | pang-aabuso | pag-unlad |

• Kung nabuo mo nang maayos at tama ang konsepto, ito ang iyong natutunan sa araling ito na maaari mong maging gabay sa buhay.

Ihambing mo ang iyong sagot sa susi ng pagwawasto. Marami ka bang tamang sagot? Mabuti. Nangangahulugang naging makabuluhan ang ginawa mong pag-aaral. Sanay na sanay ka na sa mga kasanayan sa mapanuring pagbasa. Maaari mong balikan at pag-aralan ang ilang kamalian upang lubos na maunawaan kung bakit iyon ang naging sagot.

Subukin natin kung hanggang saan sa kabuuan ang iyong natutuhan. Sagutin mo ang pangwakas na pagsusulit.

**8. Subukin mo…**

Piliin ang letra ng wastong sagot sa bawat bilang.

1. Nakasisindak ang tinig ni Bruno. Ang mga mata nito'y nanlilisik kapag nagpatumpik-tumpik siya sa pagbibigay. Ano ang anyo ni Bruno?

   a. nakatatakot    b. nakatutuwa
   c. nakaiinis    d. nakababagot

2. Nagpasikut-sikot siyang tumawid ng daan bago pumulas ng takbo. Ano ang kasingkahulugan ng may salungguhit?

   a. mabilis    b. dahan-dahan
   c. nagpaliku-liko    d. nagpalukso-lukso

3. Ang mga tao'y naghihikahos na rin. Alin sa mga sumusunod ang nagpapakita ng katulad ding paniniwala?

   a. Ang maraming mukhang nagdaraan ay malalamig na parang buto.
   b. Nakatunghay ang simbahan, naaawa, nahahabag.
   c. Ang panahon ay patuloy na ibinuburol ng karukhaan.
   d. Mahigpit niyang kinulong sa kanyang palad ang mga bagol.

4. Biglang-bigla, napawi ang katuwaan ni Adong. Alin sa mga sumusunod na pangungusap ang may ganito ring pagpapahayag?

   a. Nakadarama siya kung anong bagay na apoy sa kanyang kalooban.
   b. Ilang singkong bagol ang nalaglag sa kanyang palad.
   c. Halos araw-araw, lagi siyang napapaiyak.
   d. Ang mga kamay niya'y nanginginig pa habang inilalagay ang bagol sa kanyang bulsa.

5. Sawang-sawa na si Adong sa pamamalimos. Bantad na rin ang mga tao sa kanya. Paano siya mabubuhay?

   a. umasa sa kapwa pulubi
   b. magpaampon siya
   c. umisip ng marangal na gawaing mapagkakakitaan
   d. kumilos ng marahas

6. Makapangyarihan si Bruno. Hindi na niya maiiwasan ang paghingi nito ng piso sa kanya. Kailan siya tatantanan ni Bruno sa ganitong gawain?

   a. Kapag isinuplong niya si Bruno sa mga may kapangyarihan.
   b. Kapag huminto na siya sa pamamalimos.
   c. Kung aalis o lalayo na sa lugar na ito.
   d. Makipaglaban kay Bruno.

7-8. Alin sa mga sumusunod na pahayag ang nagpapakita ng pagsasanib ng teoryang realismo?

   a. Sa murang isipan ni Adong tumindig ang tagumpay ng isang paghihimagsik.
   b. Ang mga kampana ay tumugtog. Ito'y ikinatuwa ni Adong.
   c. Nais na niyang lumayo kay Bruno at sa kabangisan ng lungsod na kanyang kinasusuklaman.
   d. Hindi na niya naramdaman ang kabangisan sa kapayapaang biglang kumandong sa kanya.

9. Maraming maralita ang nagtatagumpay sa buhay at kinilala sa lipunan. Naging puhunan nila ang sipag at

   a. pag-asa b. puhunan c. tiyaga d. talino

10. Kung nais nating malampasan ang mga pagsubok at kahirapan sa buhay, kailangan natin ang tibay at _____ ng loob.

a. kapanatagan b. katiwasayan
c. buo d. tatag

• Kung ang iskor na nakuha mo ay 7-10 maaari ka nang tumungo sa susunod na aralin. Kung 6 pababa isagawa mo pa ang sumusunod na gawain.

**9. Paunlarin mo…**

Pag-ugnay-unayin mo ang mahahalagang salita upang makabuo ng makabuluhang pangyayari sa kuwento. Tatawagin natin itong

KONEK KA DYAN!

| | | | |
|---|---|---|---|
| Adong | Aling Ebeng | namamalimos | Adong |
| Namamalimos | pulubi | Quiapo | Quiapo |
| Bruno | taong | Adong | pulubi |
| Itinakbo | Bruno | nangingikil | napalimusan |
| Binugbog | Adong | pulubi | naabutan |

# V. Aralin 2 – Ang Kalupi

## A. Anu-ano ang mga tiyak na matututunan mo?

Matapos mong mapag-aralan ang araling ito, inaasahang matatamo mo ang mga sumusunod na kasanayan.

1. Nabibigyang-kahulugan ang matatalinghagang pahayag, salita o parirala

2. Naibibigay ang pagkakasunud-sunod ng mahahalaganag pangyayari sa kuwento
3. Nabibigyang-kahulugan ang mga piling simbolismo at pahiwatig na ginamit sa akda
4. Nasusuri ang akda sa pamamagitan ng teoryang pormalistiko
5. Napatutunayan ang kahalagahan ng pagiging maingat/matimpi sa lahat ng bagay
6. Nakasusulat ng isang mabisang kuwento

## Mga Gawain sa Pagkatuto


**1. Alamin mo…**

- Dumating na ba sa buhay mo na mapagbintangan ng isang kasalanang di mo ginawa? Ano ang iyong nadama? Anong hakbang ang iyong ginawa para patunayan na wala kang kasalanan o mali ang kanilang ibinibintang?

Kaugnay ng aking mga tanong, pag-aaralan mo ang sitwasyon sa ibaba. Pagkatapos iranggo mo kung alin ang una mong gagawin sa ganoong sitwasyon. Isulat mo ang titik ng tamang pagkakasunud-sunod sa loob ng "**caravan**" na matatagpuan mo sa ibaba.

Sitwasyon

> Alam ng guro mo ang katayuan mo sa buhay. Hindi kayo mayaman subalit hindi ka naman nahuhuli sa mga pangangailangang pang-eskuwela. Malapit ka sa iyong mga kamag-aral dahil may angking talino ka sa Matematika at Agham.
>
> Lingid sa iyong kaalaman, isang kamag-aral mong lalaki ang naiinggit sa iyo. Isang umaga, tinawag ka ng iyong guro at pinapupunta ka sa tanggapan ng punung-guro. Pagdating mo roon, pinabuksan ng iyong guro ang iyong bag. Laking gulat mo nang tumambad sa iyo ang cellphone ng iyong kamag-aral. Pinagpaliwanag ka ng inyong punung-guro at ikaw ay pinaaalis na ng paaralan.



a. Ipapaalam ko sa aking magulang ang nangyari.
b. Kakausapin ko ang aking kamag-aral na nagmamay-ari ng cellphone at magtatanong ukol dito.
c. Ipaliliwanag ko sa aming punung-guro sa tulong ng aming guro na wala akong kinalaman sa pagkakalagay ng cellphone sa aking bag.
d. Kukunsulta ako sa isang abogado tungkol sa nararapat kong gawin.
e. Hihingi ako ng payo sa aming guidance counselor at sa iba pa naming mga guro.

• Naranggo mo ba nang maayos ang iyong kasagutan? Kung ang ayos mo ay malapit sa nasa Susi sa Pagwawasto na nasa iyong guro, ito ay katanggap-tanggap.

**2. Basahin mo…**

• Basahin at unawain mong mabuti ang nilalaman ng akdang iyong babasahin. Punung-puno ito ng mga kaasalang dapat pairalin ng isang tao sa kanyang sarili. Bigyang-pansin mo rin ang pagkakasunud-sunod ng mahahalagang pangyayari.

O, handa ka na ba? Simulan mo na!

**A. ANG KALUPI**

**(Maikling Kuwento)**
**ni Benjamin P. Pascual**

*(May mabigat na pagkakasala sa batas si Aling Marta dahil sa mali niyang paghatol sa katauhan ng bata. Madalas mangyari na dahil sa ayos ng isang tao ay dagli siyang napagbibintangan ng di mabuti. May karanasan ka ba na nakapagbintang o dili kaya'y napagbintangan ng di mabuti? Basahin ang kuwento at ikaw na ang humatol sa mga tauhan nito.)*

Mataas na ang araw nang lumabas si Aling Marta sa bakuran ng kanilang maliit na barungbarong. *Aliwalas* ang kanyang mukha: sa kanyang lubog na mga mata na bahagyang pinapagdilim ng kanyang malalagong kilay ay *nakikintal* ang kagandahan ng kaaya-ayang umaga. At sa kanyang manipis at maputlang labi, bahagyang pasok sa pagkakalat, ay naglalaro ang isang ngiti ng kasiyahan. Araw ng pagtatapos ng kanyang anak na dalaga; sa gabing iyon ay tatanggapin nito ang diploma bilang katunayang natapos niya ang apat na taong inilagi sa mataas na paaralan. Ang sandaling pinakahihintay niya sa mahaba-haba rin namang panahon ng pagpapaaral ay dumating na. Ang pagkakaroon ng isang anak na nagtapos ng high school ay hindi na isang maliit na bagay sa isang mahirap na gaya niya, naiisip niya. Sa mapangarapin niyang diwa ay para niyang nakikita ang kanyang anak na dalaga sa isang kasuotang puting-puti , kipkip ang ilang libro at nakangiti, patungo sa lalo pang mataas na hangarin sa buhay, ang makatapos sa kolehiyo, magpaunlad ng kabuhayan at sumagana. Maaaring balang araw ay magkaroon din siya ng mamanuganging may sinabi rin naman. Nasa daan na siya ay para pa niyang naririnig ang matinis na halakhak ng kanyang anak na dalaga habang paikut-ikot nitong isinusukat sa harap ng salamin ang nagbuburdahang puting damit na isusuot sa kinagabihan. Napangiti siyang muli.

Mamimili si Aling Marta. Bitbit ng isang kamay ang isang *pangnang* sisidlan ng kanyang pamimilhing uulamin. Habang daan, samantalang patungo sa pamilihang bayan sa Tundo, ay mataman niyang iniisip ang mga bagay na kanyang pamimilhin. Hindi pangkaraniwang araw ito at kailangang magkaroon silang mag-anak ng hindi pangkaraniwang pananghalian. Bibili siya ng isang matabang manok, isang kilong baboy, gulay na panahog at dalawang piling na saging. Bibili rin siya ng garbansos. Gustung-gusto ng kanyang magtatapos na anak ang minatamis na garbansos.

Mag-iikasiyam na nang dumating siya sa pamilihan. Sa labas pa lamang ay naririnig na niya ang di magkamayaw na ingay na nagbubuhat sa loob, ang ingay ng mga magbabangus na pakanta pang isinisigaw ang halaga ng kanilang paninda, ang salit-salitang tawaran ng mga mamimili.

Linggo ng umaga at ang palengke ay siksikan. Sa harapan niya piniling magdaan. Ang lugar ng magmamanok ay nasa dulo ng pamilihan at sa panggitnang lagusan siya daraan upang magdaan tuloy sa tindahan ng mga tuyong paninda at bumili ng mantika. Nang dumating siya sa gitnang pasilyo at umakmang hahakbang na papasok, ay siyang paglabas na humahangos ng isang batang lalaki, at ang kanilang pagbabangga ay muntik na niyang ikabuwal. Ang siko ng bata ay tumama sa kanyang dibdib. “Ano ka ba?” ang *bulyaw* ni Aling Marta. “Kaysikip na ng daraanan ay patakbo ka pa kung lumabas!”

Ang bata ay nakapantalon ng maruming maong na sa kahabaan ay pinag-ilang - lilis ang laylayan. Nakasuot ito ng libaging kamiseta, punit mula sa balikat hanggang pusod, na ikinalitaw ng kanyang butuhan at maruming dibdib. Natiyak ni Aling Marta na ang bata ay anak-mahirap.

“Pasensiya na kayo, Ale’ ang sabi ng bata. Hawak nito ang isang maliit na bangus. Tigbebente, sa loob-loob ni Aling Marta. Ang bata ay takot na nakatingin sa kanya. “Hindi ko ho kayo sinasadya. Nagmamadali ho ako, e.”

"Pasensya!" – sabi ni Aling Marta. "Kung lahat ng kawalang –ingat mo'y pagpapasensiyahan nang pagpapasensyahan ay makakapatay ka ng tao."

Agad siyang tumalikod at tuloy-tuloy na pumasok. *Paano't pano man, naisip niya, ay ako ang huling nakapangusap. Higit kong daramdamin kung ako na itong nagawan ng di mabuti ay sa kanya pa manggagaling ang huling salita.* Mataman niyang inisip kung may iba pang nakakita sa nangyari. Marahas ang kanyang pagkakapagsalita sa bata at maaaring may kakilala siyang nagdaraan na nakarinig ng kanyang mga sinabi. Dumating siya sa tindahan ng mga tuyong paninda at bumili ng ilang kartong mantika.

"Tumaba yata kayo, Aling Gondang, " ang bati niya sa may kagulangan nang tindera na siya niyang nakaugaliang bilhan. Nakangiti siya at ang babae ay ngumiti rin.

"Tila nga ho, " ani Aling Gondang. "Tila ho nahihiyang ako sa pagtitinda."

Natawa si Aling Marta at pagkaraan ay dumukot sa bulsa ng kanyang bestido upang magbayad. Saglit na *nangulimlim* ang kanyang mukha at ang ngiti sa maninipis niyang labi ay nawala. Wala ang kanyang kalupi! Napansin ng kaharap ang kanyang anyo.

"Bakit ho? anito.

"E . . . e, nawawala ho ang aking pitaka, " wala sa loob na sagot ni Aling Marta.

"Ku, e magkano ho naman ang laman?" ang tanong ng babae.

Ang tanda niyang laman ng kanyang kalupi ay pitumpong piso na siyang bigay na sahod ng kanyang asawa nang sinundang gabi. Sabado. Ngunit aywan ba niya kung bakit ang di pa ma'y nakikiramay ang tonong nagtatanong ay nakapagpalaki ng kanyang loob upang sabihing, "E, sandaan at sampung piso ho."

Nanatili siya sa pagkakatayo nang ilang saglit, wari'y tinakasan ng lakas, nag-iisip ng mga nakaraang pangyayari. Mayamaya ay parang kidlat na gumuhit sa kanyang alaala ang *gusgusing* batang kanyang nakabangga. Tumama ang siko nito sa kanyang dibdib, sa kanyang katawan! Dali-dali siyang tumalikod at patakbong lumabas. Hindi pa marahil iyon nakalalayo; may ilang sandali pa lamang ang nakaraan, ang tabas ng mukha, ang gupit, ang tindig. Sa labas, sa harap ng palengke na kinaroroonan ng ilang tindahang maliliit at ng mangilan-ngilang namimili at ang batang panakaw na nagtitinda ng gulay, ay nagpalinga-linga siya. Patakbo uli siyang lumakad, sa harap ng mga bilao ng gulay na halos mayapakan na niya sa pagmamadali, at sa gawing dulo ng pusisyon na di kalayuan sa natatanaw niyang karatig na outpost ng mga pulis, ay nakita niya ang kanyang hinahanap. Nakatayo ito sa harap ng isang bilao ng kangkong at sa malas niya ay tumatawad. Hindi siya maaring magkamali: ang *wakwak* na kamiseta nito at ang mahabang panahon na ari'y salawal ding ginagamit ng kanyang ama, ay sapat nang palatandaan upang ito ay madaling makilala. At ang hawak nitong bangus na tigbebente.

Maliksi siyang lumapit at binatak ang bata sa leeg. “Nakita rin kita!” ang sabi niyang humihingal. “Ikaw ang dumukot sa pitaka ko, ano? Huwag kang magkakaila!”

Tiyakan ang kanyang pagkakasalita; ibig niyang sa pagkalito ng bata sa *pag-aapuhap* ng isasagot ay masukol niyang buong-buo. Ngunit ang bata ay mahinahong sumagot:

“Ano hong pitaka? “ ang sabi. Wala ho akong kinukuha sa inyong pitaka.“

“Ano, wala?!” *pasinghal* na sabi ni Aling Marta. “Ikaw nga ang dumukot ng pitaka ko at wala ng iba. Kunwa pa’y binangga mo ‘ko, ano ha ? Magaling, magaling ang sistema ninyong iyan. Kikita nga kayo rito sa palengke!”

Marami nang nakapaligid sa kanila, mga batang nagtitinda, lalaki at babaeng namimili. Hinigpitan ni Aling Marta ang pagkakahawak sa leeg ng bata at ito’y pilit na iniharap sa karamihan.

“Aba, kangina ba namang pumasok ako sa palengke e banggain ako, “ang sabi niya. “Nang magbabayad ako ng pinamili ko’t kapain ko ang bulsa ko e wala nang laman!”

“Ang mabuti ho’y ipapulis ninyo, “sabing nakalabi ng isang babaing nakikinig. “Talagang dito ho sa palengke’y maraming naglilipanang batang gaya niyan.”

“Tena, “ang sabi ni Aling Marta sa bata. “Sumama ka sa akin.”

“Bakit ho, saan ninyo ako dadalhin?”

“Saan sa akala mo?” sabi ni Aling Marta at pinisil ang leeg ng bata. “Ibibigay kita sa pulis. Ipabibilanggo kita kapag di mo inilabas ang dinukot mo sa akin.”

Pilit na nagwawala ang bata; ipinamulsa niya ang hawak na bangus upang dalawahing – kamay ang pag-alis ng mabutong daliri ni Aling Marta na tila kawad sa pagkakasakal sa kanyang leeg. May luha nang nakapamintana sa kanyang mga mata at ang uhog at laway ay sabay na umaagos sa kanyang leeg. Buhat sa likuran ng mga manonood ay lumapit ang isang pulis na tanod sa mga pagkakataong tulad niyon, at nang ito ay malapit na ay sinimulan ni Aling Marta ang pagsusumbong. “Nasiguro ko hong siya dahil sa nang ako’y kanyang banggain, e, naramdaman ko ang kanyang kamay sa aking bulsa, “patapos niyang pagsusumbong. “Hindi ko lang ho naino kaagad pagkat ako’y nagmamadali.”

Tiningnang matagal ng pulis ang bata, ang maruming saplot nito at ang nagmamapa-sa duming katawan, pagkatapos ay patiyad na naupo sa harap nito at sinimulang mangapkap. Sa bulsa ng bata, na sa pagdating ng pulis ay tuluyan nang umiyak, ay lumabas ang isang maruming panyolito, basa ng uhog at tadtad ng sulsi, diyes sentimos na papel at ang tigbebenteng bangus.

“Natitiyak ho ba ninyong siya ang dumukot ng inyong pitaka? “ang tanong ng pulis kay Aling Marta.

“Siya ho at wala ng iba,” ang sagot ni Aling Marta.

“Saan mo dinala ang dinukot mo sa aleng ito?” *mabalasik* na tanong ng pulis sa bata. “Magsabi ka ng totoo, kung di ay dadalhin kita.”

“Wala ho akong dinukot na maski ano sa kanya, “sisiguk-sigok na sagot ng bata. “Maski kapkapan ninyo ‘ko nang kapkapan e wala kayong makukuha sa akin. Hindi ho ako mandurukot.

“Maski kapkapan!” sabad ni Aling Marta. “Ano pa ang kakapkapin naming sa iyo kung ang pitaka ko e naipasa mo na sa kapuwa mo mandurukot! O, ano, hindi ba ganon kayong mga tekas kung lumakad …. dala-dalawa, tatlu-tatlo! Ku, ang mabuti ho yata, mamang pulis, e ituloy na natin iyan sa kuwartel. Baka roon matutong matakot iyan at magsabi ng totoo.”

Tumindig ang pulis,” Hindi ho natin karaka-rakang madadala ito ng walang *evidencia*. Kinakailangang kahit paano’y magkaroon tayo ng maihaharap na katibayang siya nga ang dumukot ng inyong kuwarta. Papaano ho kung hindi siya?”

“E, ano pang ebidensya ang hinahanap mo? ang sabi ni Aling Marta na nakalimutan ang pamumupo. “Sinabi nang binangga akong sadya, at naramdaman ko ang kanyang kamay sa aking bulsa. Ano pa? Sa bata nakatingin ang pulis na wari’y nag-iisip ng dapat niyang gawin, maya’y maling naupo at dumukot ng isang lapis at isang mallit na kuwaderno sa kanyang bulsa.

“Ano ang pangalan mo? ang tanong niya sa bata.

“Andres Reyes po.”

“Saan ka nakatira? ang muling tanong ng pulis. Lumingon ang bata sa kanyang paligid, inisa–isa ang mga mukhang *nakatunghay* sa kanya. “Wala ho kaming bahay,” ang sagot. ” Ang tatay ko ho e may sakit at kami ho, kung minsan, ay sa bahay ng Tiyang Ines ko nakatira, sa Blumentrit, kung minsan naman ho e sa mga kasama ko sa Kiyapo at kung minsan e sa bahay ng kapatid ng nanay ko rito sa Tundo. Inutusan nga lang ho niya ‘kong bumili ng ulam para mamayang tanghali.

“Samakatuwid ay dito kayong mag-ama nakatira ngayon sa Tundo?” ang tanong ng pulis.

“Oho, “ang sagot ng bata, “pero hindi ko nga lang ho alam ang kalye at numero ng bahay dahil sa noong makalawa lang kami lumipat at saka hindi ho ako marunong bumasa e.”

Ang *walang kawawaang* tanong at sagot na naririnig ni Aling Marta ay nakabagot sa kanyang pandinig; sa palagay ba niya ay para silang walang mararating. Lumalaon ay dumarami ang tao sa kanilang paligid at ang pulis na umuusig ay tila siyang –siya sa kanyang pagtatanong at pagsusulat sa kuwaderno. Nakaramdam siya ng pagkainis.

"Ang mabuti ho yata e dalhin na natin iyan kung dadalhin, " ang sabi niya."Pinagkakaguluhan lamang tayo ng mga tao rito ay wala namang nangyayari. Kung hindi naman ninyo kaya ay sabihin ninyo at tatawag ako ng ibang pulis.'

"Hirap sa inyo ay *sabad* kayo ng sabad , e" sabi ng pulis. "Buweno , kung gusto n'yong dalhin ngayon din ang batang ito, pati kayo ay sumama sa akin sa kuwartel . Doon sabihin ang gusto ninyong sabihin at doon n'yo gawin ang gusto n'yong gawin."

Inakbayan niya ang bata at inilakad na patungo sa outpost, kasunod ang hindi umiiyak na si Aling Marta at ang isang hugos na tao na ang ilan ay pangiti-ngiti habang silang tatlo ay minamasdan. Sa harap ng outpost ay huminto ang pulis.

"Maghintay kayo rito sandali at tatawag ako sa kuwartel para pahalili, " ang sabi sa kanya at pumasok . Naiwan siya sa harap ng bata, at ngayon ay tila maamong kordero sa pagkakatungo, *sisiguk-sigok,* nilalaro ng payat na mga daliri ang ulo ng tangang bangus. Luminga-linga siya. Tanghali na; ilan-ilan na lamang ang nakikita niyang pumasok sa palengke. Iniisip niya kung ilang oras pa ang kinakailangan niyang ipaghintay bago siya makauwi; dalawa, tatlo o maaaring sa hapon na. Naalala niya ang kanyang anak na dalagang magtatapos, ang kanyang asawa na kaipala ay naiinip na sa paghihintay; at para niyang narinig ang sasabihin nito kung siya'y darating na walang dala ano man, walang dala at walang pera. Nagsiklab ang poot sa kanya sa kangina pa *nagpupuyos* sa kanyang dibdib; may kung anong sumalak sa kanyang ulo; mandi'y gagahanip ang tingin niya sa batang kaharap. Hinawakan niya ito sa isang bisig, at sa pagdidilim ng kanyang paningin ay pabalinghat niyang pinilit sa likod nito.

"Tinamaan ka ng lintek na bata ka! Ang sabi niyang pinanginginigan ng laman. "Kung walang ibang pulis na makapagpapaamin sa iyo, ako ang gagawa ng ikaaamin mo! Saan mo dinala ang dinukot mo sa 'kin? Saan? Saan?

Napahiyaw ang bata sa sakit; ang bisig nito ay halos napaabot ni Aling Marta sa kanyang balikat sa likod. Ang mga nanonood ay parang *nangangapatdan* ng dila upang makapagsalita ng pagtutol. Ang kaliwang kamay ni Aling Marta ay pakabig na nakapaikot sa baba ng bata; sinapo ito ng bata ng kanyang kamay at nang mailapit sa kanyang bibig ay buong pangigil na kinagat.

Hindi niya gustong tumakbo; halos mabali ang kanyang siko at ang nais lamang niya ay *makaalpas* sa matitigas na bisig ni Aling Marta; ngunit ngayon, nang siya ay bitiwan ng nasaktang si Aling Marta at makalayong papaurong, ay naalaala niya ang kalayaan, kay Aling Marta at sa dumakip na pulis, at siya ay humahanap ng malulusutan at nang makakita ay walang lingun-lingon na tumakbo, patungo sa ibayo nang maluwag na daan. Bahagya na niyang narinig ang *mahahayap* na salitang nagbubuhat sa humahabol na si Aling Marta, at ang sigaw ng pulis at ang sumunod na tilian ng mga babae; bahagya ng umabot sa kanyang pandinig ang malakas na busina ng ilang *humahagibis* na sasakyan. Sa isang sandali ay nagdilim sa kanya ang buong paligid at sa pagmumulat na muli ng kanyang paningin, sa pagbabalik ng kanyang ulirat, ay wala siyang nakita kundi ang madalim na anino ng kanyang mukhang nakatunghay sa kanyang lupaypay at duguang katawan.

Hindi umimik si Aling Marta habang minamasdan ang bata. Maputla ang kulay ng kanyang mukha at aywan ba niya at pati siya ay tila pinanawan ng lakas. Malamig na pawis ang gumigiti sa kanyang noo at ang tuhod niya ay parang nangangalog. Hindi siya makapag-angat ng paningin; sa palagay ba niya ay sa kanya nakatuon ang paningin ng lahat at siyang binubuntunan ng sisi. Bakit ba ako *nanganganino* sa kanila? Pinipilit niyang usalin sa sarili. Ginawa ko lamang ang dapat gawin nino man at nalalaman ng lahat na ang nangyayaring ito'y pagbabayad lamang ng bata sa kanyang nagawang kasalanan.

Ang pulis ay nakabalik na sa outpost at sa isang ospital na tumatawag. Ang bata ay napagtulungan ng ilan na buhatin sa bangketa upang doon pagyamanin at ipaghintay ng ambulansiya kung aabot pa. Ang kalahati ng kanyang katawan, ang dakong ibaba, ay natatakpan ng diyaryo at ang gulanit niyang kasuotan ay tuluyan nang nawalat sa kanyang katawan. Makailang sandali pa, pagdating ng pulis ay pamuling nagmulat ito ng paningin at ang mga mata ay ipinako sa maputlang mukha ni Aling Marta.

"Maski kapkapan ninyo ako, e, wala kayong makukuha sa akin," ang sabing paputul-putol na nilalabasan ng dugo sa ilong. "Hindi ko kinuha ang inyong pitaka."

May kung anong malamig ang naramdaman ni Aling Marta na gumapang sa kanyang katawan; ang bata ay pilit na nagsasabi ng kanyang pahimakas. Ilang sandali pa ay lumulungayngay ang ulo nito at nang pulsuhan ng isang naroroon ay marahan itong napailing. Patay na, naisaloob ni aling Marta sa kanyang sarili.

"Patay na ang dumukot ng kuwarta ninyo," matabang na sabi ng pulis sa kanya. Nakatayo ito sa kanyang tabi at hawak naman ang kuwaderno at lapis. "Siguro'y matutuwa na kayo niyan."

"Sa palagay kaya ninyo e may sasagutin ako sa nangyari?" ang tanong ni Aling Marta.

"Wala naman, sa palagay ko," Ang sagot ng pulis. " Kung may mananagot niyan ay walang iba kundi ang pobreng tsuper. Wala rin kayong sasagutin sa pagpapalibing. Tsuper na rin ang mananagot niyan , " may himig pangungutya ang tinig ng pulis.

"Makaaalis na po ako?" tanong ni Aling Marta.

"Maaari na", sabi ng pulis. "Lamang ay kinakailangang iwan ninyo sa akin ang inyong pangalan at direksiyon ng inyong bahay upang kung mangangailangan ng kauting pag-aayos ay mahingan namin kayo ng ulat."

Ibinigay ni Aling Marta ang tinitirhan at pagkatapos ay tuwid ang tinging lumayo sa karamihan . Para pa siyang naghihina at magulong-magulo ang kanyang isip; Sali-salimuot na alalahanin ang nagsasalimbayan sa kanyang diwa. Lumalakad siya ngayon na walang tiyak na patutunguhan. Naalala niya ang kanyang anak na ga-graduate, ang ulam na dapat niyang iuuwi na, at ang nananalim, nangungutyang mga mata ng kanyang asawa sa sandaling malaman nito ang pagkawala ng pera. Magtatanong iyon, magagalit, hanggang sa siya ay mapilitang sumagot. Magpapalitan sila ng mahahayap na pangungusap, sisihan, tungayawan, at ang mga anak niyang ga-graduate ay magpapalahaw ng panangis hanggang sila ay puntahan at payapain ng mga kapitbahay.

*Katakut-takot na gulo at kahihiyan,* sa loob-loob ni Aling Marta, at hindi sinasadya ay muling nadako ang pinag-uugatang diwa sa bangkay ng bata na natatakpan ng diyaryo, na siyang pinagmulan ng lahat.

Kung hindi sa tinamaan ng lintik na iyon ay hindi ako masusuot sa suliraning ito, usal niya sa sarili. Kasi imbi, walang pinag-aralan, maruming palaboy ng kapalarang umaasa sa taba ng iba. Mabuti nga sa kanya!

Kinakailangan niyang kumilos, umisip ng paraan. Kinakailangang kahit papaano'y makapag-uwi siya ng ulam sa pananghalian. Pagkakain ng kanyang asawa ay malamig na ang kukote nito at saka niya sasabihin ang pagkawala ng pera. Maaaring magalit ito at ipamukha sa kanya, tulad ng madalas na sabihin nito, na ang lahat ay dahil sa malabis niyang paghahangad na makapagdala ng labis na salaping ipamimili, upang makapamburot at maipamata sa kapwa na hindi sila naghihirap. Ngunit ang lahat ay titiisin niya, hindi siya kikibo. Ililihim din niya ang nangyaring sakuna sa bata; ayaw ng kanyang asawa ng iskandalo; at kung sakali't darating ang pulis na kukuha ng ulat ay lilihimin niya ito. At tungkol sa ulam mangungutang siya ng pera sa tindahan ni Aling Gondang at iyon ang kanyang ipamimili – nasabi niya rito na ang nawala niyang pera ay isang daan at sampung piso ang halagang iyon ay napakalaki na upang ang lima o sampu ay ipagkait nito sa kanya bilang panakip. Hindi iyon makapahihindi. May ngiti ng kasiyahang naglalaro sa manipis na labi ni aling Marta nang ipihit niya ang kanyang mga paa patungong pamilihan.

Tanghali na nang siya ay umuwi. Sa daan pa lamang bago siya pumasok sa tarangkahan, ay natanaw na niya ang kanyang anak na dalaga na nakapamintana sa kanilang barung-barong. Nakangiti ito at siya ay minamasdan, ngunit nang malapit na siya at nakita ang dala ay napangunot-noo, lumingon sa loob ng kabahayan at may tinawag. Sumungaw ang payat na mukha ng kanyang asawa.

"Saan ka kumuha ng ipinamili mo niyan, Nanay?" ang sabi ng kanyang anak na ga-graduate.

"E… e," hindi magkandatutong sagot ni Aling Marta. "Saan pa kundi sa aking pitaka."

Nagkatinginan ang mag-ama.

"Ngunit, Marta," ng sabi ng kanyang asawa , "Ang pitaka mo e naiwan mo! Kanginang bago ka umalis ay kinuha ko iyon sa bulsa ng iyong bestidong nakasabit at kumuha ako ng pambili ng tabako, pero nakalimutan kong isauli. Saan ka ba kumuha ng ipinamili mo niyan ?"

Biglang –bigla, anaki'y kidlat na gumuhit sa karimlan, nagbalik sa gunita ni Aling Marta ang larawan ng isang batang payat, duguan ang katawan at natatakpan ng diyaryo, at para niyang narinig ang mahina at gumagaralgal na tinig nito; *Maski kapkapan ninyo ako, e wala kayong makukuha sa 'kin.* Saglit siyang natigilan sa pagpanhik sa hagdanan; para siyang pinangangapusan ng hininga at sa palagay ba niya ay umiikot ang buong paligid; at bago siya tuluyang mawalan ng ulirat ay wala siyang narinig kundi ang papanaog na yabag ng kanyang asawa't anak, at ang papaliit at lumalabong salitang: Bakit kaya? Bakit kaya?

**3. Linangin mo…**

**a. Pagsusuring Panlinggwistika**

a. Sa mga nagdaang modyul, nabatid mo kung ano ang matatalinghagang pahayag, salita o parirala. Natatandaan mo pa ba? Sa pagkakataong ito, muli mo itong mapag-aaralan.

b. Bigyang-kahulugan mo ang sumusunod na mga matatalinghagang pahayag, salita o parirala sa pamamagitan ng pagbuo sa mga ginulong salita sa loob ng kahon.

i. Mataas na ang araw nang lumabas si Aling Marta sa kanilang barung-barong.
Anong oras na nang lumabas si Aling Marta sa kanilang bahay?

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| n | | h | | a |
| g | | t | | a |
| | l | | h | |

ii. Sa labas pa lamang ng palengke ay narinig na niya ang di-magkamayaw na tindera at mamimili.
Ang lugar na tinukoy ay:

| | | |
|---|---|---|
| m | y | n |
| l | a | g |
| | a | |

iii. Pagpasok niya sa pasilyo ay siya namang paglabas ng isang humahangos na batang lalaki.
Anong salita ang tumutukoy sa pagkakalarawan sa batang lalaki?

d l a a n a
l m m g a

iv. Saglit na nangulimlim ang kanyang mukha nang di makapa ang pitakang inilagay sa bulsa. Si Aling Marta ay:

n k o a g
t n l u

v. Nabagot si Aling Marta sa katatanong ng pulis, paulit-ulit na walang kawawaang tanong.
Alin sa mga sumusunod ang nadama ni Aling Marta?

n i n
p a l

6. Nahagip si Andres ng isang humahagibis na sasakyan. Nasagasaan si Andres ng sasakyang:

| |
|---|
| b l m<br>i i s a |


7. May kung anong malamig ang naramdaman ni Aling Marta na gumagapang sa kanyang katawan. Nangangahulugang nakaramdam siya ng

| |
|---|
| t k o<br>a t |

• Tama bang lahat ang iyong naging sagot? Magaling kung tama kang lahat dahil may kaugnayan pa rin ito sa susunod mong gawain.

**b. Pagsusuring Pangnilalaman**

Gamit ang "ladder" na nasa ibaba, ibigay mo ang tamang pagkakasunud-sunod ng mga pangyayari. Titik lamang ang iyong isusulat.



a. Pamimili ni Aling Marta
b. Pamimintang ni Aling Marta kay Andres Reyes
c. Pagdadala sa presinto kay Andres Reyes
d. Pagtakas ng bata kay Aling Marta
e. Pagsisisi ni Aling Marta.
f. Pagkawala ng kalupi ni Aling Marta.
g. Pagkamatay ng bata.
h. Pagpanaw ng ulirat ni Aling Marta.

• Ang susunod mong gawain ay may kinalamang muli sa mga simbolo at pahiwatig na napag-aralan mo na sa mga nagdaang aralin.

• Ibigay mo ang sinasagisag o nais ipahiwatig ng mga salita o parirala na nasa loob ng kahon kaugnay ng kuwentong binasa. Piliin mo ang titik sa ibaba na tutugon dito.

1. May hawak na halagang beinte sentimos na bangus

2. duguan ang katawan at natatakpan ng dyaryo

3. mataas na ang araw

4. nakapantalon ng maruming maong at libaging kamiseta

5.

Umiikot ang
buong paligid

a. tanghali na
b. mahirap
c. patay na
d. anak-mahirap
e. gabi na
f. nahihilo

• Natukoy mo ba kung ano ang sinasagisag o ipinahihiwatig ng mga salita o parirala? Nadalian ka ba? Magaling kung ganoon.

**c. Pagsusuring Pampanitikan**

• Bago mo isagawa ang sumusunod na gawain mahalagang pagtuunan mo muna ng pansin ang nasa loob ng kahon. Unawain mo itong mabuti.

May kaalaman ka na ba tungkol sa teoryang pormalistiko? Ang tanging layunin ng teoryang ito ay ang pagtuklas at pagpapaliwanag ng anyo ng akda. Tinitingnan dito ang nilalaman, kaayusan o kayarian sa paraan ng pagkakaasulat ng akda. Samakatuwid, nakapaloob dito ang istilo ng may-akda.

Dapat mo ring malaman na ang isang akdang pampanitikan ay may sariling buhay at umiiral sa sariling paraan. Sabi nga, nasa porma o kaayusan ng kasiningan ng isang akda.

- Suriin mo ang nilalaman ng akda ayon sa sumusunod na balangkas.

I. Tema/Paksa

II. Suliranin

III. Tauhan

A. Protagonista

B. Antagonista

C. Tauhang Bilog

D. Tauhang Lapad

IV. Tagpuan

V. Banghay

Pangyayari 1

↓

Pangyayari 2

↓

Pangyayari 3

↓

Kasukdulan

↓

Kakalasan

↓

Wakas

- Isulat mo ang **T** kung tama ang ipinahahayag ng mga pangungusap at **M** kung mali.

1.

1. Sinimulan ang kuwento sa pamamagitan ng pamimili ni Aling Marta ng inihanda sa hapunan,

2. Saglit na kasiglahan ang bahaging pangungulimlim ng mukha ni Aling Marta ng di makapa sa bulsa ang dala niyang pitaka.

3. Ang suliranin sa kuwento ay tumutukoy sa pagkamatay ng bata.

4. Bahagi ng banghay ang pagdadala kay Andres sa himpilian ng pulis.

5. Ang kasukdulan ng kuwento ay nang tumakas si Andres at habulin ni Aling Marta at ng pulis.

6. Ang kalakasan ay nang makadama ng pagsisisi si Aling Marta matapos malamang naiwan niya ang pitaka sa bahay.

7. Nagwakas ang kuwento nanag himatayin si Aling Marta.

**d. Halagang Pangkatauhan**

- Punung-puno ng mga halagang pangkatauhan ang binasa mong kuwento na maaari mong magamit bilang gabay mo sa buhay.

- Piliin mo ang titik na tutugon sa sumusunod na mga tanong

1. Maiiwasan ang anumang karahasan kung ang bawat isa'y magiging:

   a. mapagbigay
   b. maalalahanin
   c. mapagtimpi
   d. matulungin

2. Huwag kang humatol upang di ka hatulan. Ipinaaalala ng kasabihang ito na ang bawat tao ay:

   a. may kani-kaniyang kahinaan
   b. kinakatakutan ang Panginoon
   c. mapanghatol sa kanyang kapwa
   d. kailangang umiwas sa paghatol

3. Sa panukat na iyong susukat ay susukatin ka rin. Alin sa mga sumusunod ang tumutugon sa pahayag?

   a. Ang pagsisisi ay laging nasa huli.
   b. Kung ano ang ginawa sa iyong kapwa ay siya ring gagawin sa iyo.
   c. Ang di lumingon sa pinanggalingan, di makararating sa paroroonan.
   d. Huwag mong husgahan ang panlabas na anyo ng tao.

4. Nakikita mo ang dungis sa pisngi ng iyong kapwa subalit di-mo nakikita ang sariling dungis. Ang pahayag ay nangangahulugang:

   a. Nakikita ang kapintasan ng iba subalit di-pansin ang sariling kahinaan
   b. Ginagawang kakatuwa ang kapintasan ng kapwa.
   c. Masyadong mataas ang pagpapahalaga niya sa sarili.
   d. Mapanuri sa mga ikinikilos ng iba.

5. Ang pagpaparatang sa tao ay nangangahulugan din ng:

   a. totoo ang kutob
   b. pagsasagawa ng gayon ding kasalanan
   c. kawalan ng tiwala sa kapwa
   d. kasamaan ng pag-uugali

6. Magsisi man sa huli, wala nang mangyayari, kaya nararapat na maging

   a. maingat sa pagpapasya
   b. mag-isip nang mag-isip
   c. maagap sa buhay
   d. mapanuri sa kapwa

7. Kung hindi mo nakita ang buong pangyayari, hindi ka dapat:

   a. magsalita      b. makipag-away
   c. magbintang      d. mag-udyok

• Tama ka kayang lahat sa mga naging tugon mo?  Tingnan mo ang Susi sa Pagwawasto at itsek mo ang iyong mga sagot.  Kung ang sagot mo sa Pagsusuring Pampanitikan ay malapit sa nasa susi, ito ay katanggap-tanggap.

**4. Palalimin mo…**

Bigyang lalim mo pa ang mahahalagang konseptong iyong napag-aralan sa tulong ng isa sa mga kagamitang pampag-iisip (thinking tool) na ginagamit sa HOTS.  Ito ay tinatawag na PIN sa Ingles; Positive, Interesting at Negative.  May katumbas naman ito sa Filipino – Positibo – Kawili-wili  at Negatibo.

Kaugnay nito, isulat mo ang **P** kung positibo ang isinasaad ng sumusunod na mga pahayag, **K** kung kawili-wili at **N** kung Negatibo.

1. Pag-alam sa tunay na pangyayari upang maging tiyak ang pag-aakusa sa nagkasala.
2. Kung ano ang nagawang pagkakasala ng isang tao'y ganoon din dapat ang maging kaparusahan niya.
3. Pinatawad niya ang taong nagkasala sa kanya subalit di-niya kinalimutan ang pagkakasala nito sa kanya.
4. Sa kabila ng kahirapang nararanasan sa buhay ay di-siya natutong gumawa nang masama.
5. Panindigan ang sinabi maging ito'y mali upang matamo ang pagtitiwala ng kapwa.
6. Kung nagkamali man sa simula'y maitatama ito sa pamamagitan ng pag-amin sa pagkakamali.
7. Katotohanan lamang ang kanyang sinabi hanggang sa kahuli-hulihang sandali ng kanyang buhay.
8. Magsisisi at humihingi ng patawad sa napakalaking kasalanang nagawa sa kapwa – ang pamimintang.
9. Pagtataguyod sa mga kapatid simula nang sila'y maulila sa magulang.

10. Pananakit na pisikal sa taong di mo alam kung siya nga ang tunay na may kasalanan.

- Kunin mo ang susi sa iyong guro at iwasto mo ang iyong mga sagot.

**5. Gamitin mo…**

Ano ang gagawin mo sa sumusunod na mga sitwasyon?

Sitwasyon A

| |
|---|
| Nagkatuwaan ang iyong mga kamag-aral na itago ang sapatos ng isa ninyong kamag-aral na babae. Inilagay ito sa ilalim ng iyong upuan na lingid sa iyong kaalaman. Samakatuwid nang maghanap, sa iyo ito nakita. Dinala ka sa tanggapan ng punung-guro para magpaliwanag. Ano ang gagawin mo? Bakit/ |

Sitwasyon B

| |
|---|
| Ikaw ay isang anak mahirap. Drayber ang tatay mo at ang nanay mo naman ay isang labandera. Kumakain naman kayo ng tatlong beses isang araw. Isang hapong umuwi ang iyong ama galing sa pamamasada. May kasama itong pulis at ipinatuturo sa kanya kung sino ang nagnakaw ng 'side mirror" ng sasakyan ng pulis. Alam mong walang alam ang tatay mo ngunit narinig mong sinabi ng pulis na ang tatay mo ang makukulong kung di niya ito ituturo dahil kumpare raw ito ng tatay mo. Ano ang gagawin mo? |

- Marahil ay nahasa ang galing mo sa pagbibigay ng solusyon sa dalawang sitwasyon. Kung ang naging tugon mo ay malapit sa nasa Susi sa Pagwawasto, ang iyong sagot ay katanggap-tanggap.

**6. Sulatin mo…**

- Gusto mo bang maging isang mahusay na kuwentista? Madali lang. Sundin mo lamang ang hinihingi ng gabay sa ibaba para hindi ka mahirapan. Tingnan ko kung pwede kang maging isang kwentista.

- Bumuo ka ng isang mabisang kuwento gamit ang sumusunod na pormat:

Protagonista : Anselmo } magkapatid
Antagonista : Enrico }

Tagpuan : Tahanan ng magkapatid

Suliranin : Pagkawala ng minanang kuwintas ni Anselmo sa ama.

Mga pangyayari :

Simula : Nagagalit si Anselmo sa pagkawala ng minana niyang kuwintas.

↓

Panggitna : Pagpilit ni Anselmo kay Enrico na aminin na siya ang kumuha.

↓

Kasukdulan : Pinahuli at pinakulong si Enrico.

↓

Kakalasan : Nabilanggo si Enrico.

↓

Wakas ; Natagpuan ang nawawalang kuwintas sa loob ng kahon ng sapatos na Anselmo.

- Kung nasunod mo ang pormat, isang mabisang kuwento ang iyong nabuo. Itsek mo ang iyong isinulat kung malapit sa nasa Susi sa Pagwawasto, ito ay katanggap-tanggap.

**7. L agumin mo…**

- Marami ka bang natutunan? Tingnan ko kung maisasagawa mo ang sumusunod na gawain.

- Dugtungan mo ang sumusunod na pahayag upang ito'y higit na maging mabisa.

Matapos kong mabasa ang kuwento at makilala ang mga tauhang sina Aling Marta at Andres Reyes:

Napag-isipan kong ___________________

Nakadama ako ng ___________________

Nais kong ___________________

- Iwasto mo ang iyong sagot. Tingnan mo sa susi kung ito'y katanggap-tanggap.

- Subukin natin kung hanggang saan sa kabuuan ang iyong natutunan. Sagutin mo ang pangwakas na pagsusulit.

**8. Subukin mo…**

Piliin ang letra ng wastong sagot sa bawat bilang.

1. Sisiguk-sigok ang bata habang tinatanong. Ang bata ay

   a. sinisinok b. humihikbi
   c. nagpapalahaw d. nagpupumiglas

2. Sa isang sandali ay nagdilim sa kanya ang buong paligid. Nangangahulugang si Aling Marta ay

   a. nagtalukbong b. hinimatay
   c. nakatulog d. nagtakip ng mukha

3. Iniisip niya kung ilang oras pa ang kinakailangan niyang ipaghintay bago makauwi; dalawa, tatlo o maaaring hapon na.

a. Naiinip na si Aling Marta at nais na niyang makauwi.
b. Nagbibilang siya ng oras na gugugulin sa presinto.
c. Nag-iisip siya ng idadahilan sa kanyang asawa't anak.
d. Kinakabahan siya sa maaaring mangyari.

4. Halos mabali ang kanyang siko at ang nais lamang niya ay makaalpas sa <u>matigas na bisig</u> ni Aling Maria. Ang may salungguhit ay sumisimbolo sa

   a. kawalan ng kalayaan  b. kalakasan
   c. kapangyarihan  d. kalabisan

5. Lumakad siya na walang tiyak na patutunguhan. Ipinahihiwatig ng pahayag na si Aling Marta ay

   a. wala sa sariling bait  b. gulung-gulo ang isip
   c. di-alam ang pupuntahan  d. naliligaw sa lugar na pinuntahan

6. Nakangiti ang kanyang anak at siya ay minamasdan, ngunit nang malapit na siya at nakita ang kanyang dala ay napangunot-noo ito, sa ikinikilos ng anak ni Aling Marta, mahihinuhang siya ay

   a. nag-aalinlangan  b. nag-iisip
   c. nagagalit  d. nagtataka

7. Ang kuwento ay nagtatapos sa isang

   a. komedya  b. trahedya  c. romansa  d. parsa

8. Alin sa mga sumusunod ang di-sangkap ng kuwentong binasa?

   a. tauhan  b. tagpuan  c. banghay  d. kabanata

9. Layunin ng may-akda ng kuwento na

   a. iwasan ang pamimintang  b. mag-ingat sa pagtatago ng pitaka
   c. isakdal ang nagkasala  d. umiwas sa kapahamakan

10. Di-magandang pag-uugali ang pagbibintang sapagkat humahantong lamang ito sa

   a. disgrasya  b. paratangan
   c. alitan  d. pagkakamabutihan

• Kung ang iskor na nakuha mo ay 7-pataas, huwag mo nang gawin ang susunod nabahagi,

kung 6 pababa isagawa mo muna ang sumusunod na gawain.

**9. Paunlarin mo…**

Pumili ka ng isa sa sumusunod na kasabihan na sa tingin mo'y angkop sa kuwentong iyong binasa. Pagkatapos, sa pamamagitan ng dalawa hanggang tatlong pangungusap iyo namang ipaliwanag.

1. Huwag mong husgahan ang tao
   sa panlabas na anyo lamang.

2. Sa mata ng Diyos, ang tao'y isinilang
   na pantay-pantay, walang mahirap, walang
   mayaman, walang marunong o mangmang.

3. Hindi lahat ng kumikinang ay ginto.

- Iwasto mo ang iyong mga sagot gamit ang susi na nasa iyong guro.

## *Gaano ka na kahusay?*

Ang pangwakas mong gawain ay susukat sa iyong mga natutuhan sa dalawang araling iyong pinag-aralan. Basahin at unawain mong mabuti ang mga tanong. Titik lamang ang iyong isulat.

1. Ang mga daing ay walang halaga, waring mga patak ng ulan sa malalaking bitak ng lupa. Ang tayutay na ginamit ay

   a. pagwawangis b. pagtutulad
   c. pagsasatao d. pagmamalabis

2. Napahindik si Adong sa nakita. Ang nakasalungguhit ay nangangahulugang

a. natuwa
b. nagalit
c. natakot
d. nagwalang-bahala

3. Mataman niyang inisip kung may iba pang nakakita sa nangyari. Ang kasalungat ng salitang may salungguhit ay

a. malalim
b. masinsin
c. mabilisan
d. matalino

4. Ang aral na ipinararating sa atin ng kuwentong ang **Kalupi** ay

a. kagalingan sa pamimili
b. kahalagahan ng kalupi
c. pagmamahal sa bata
d. hindi paghuhusga sa kapwa

5. Ano ang ugaling ipinakita ni Aling Marta sa kabuuan ng kuwento?

a. pagiging maawain
b. pagiging mabuting ina
c. pagiging mapaghusga
d. kawalan ng salapi

6. Ipinakita sa akdang "Mabangis na Lungsod" ang

a. ganda ng Quiapo
b. bigat ng sentimo
c. ang paghihirap ng mga pulubi
d. mga palaboy sa Quiapo

7. Nakasisindak ang tinig ni Bruno. Ito'y nangangahulugang ang boses ni Bruno ay

a. maganda ang boses ni Bruno
b. malamig sa tainga ang boses
c. malakas ang boses
d. mahina ang boses

8. Ano ang teoryang ginamit sa kuwentong **Mabangis na Lungsod?**

a. pormalistiko
b. realistiko
c. peministiko
d. romantisismo


9. Si Adong ay isang

a. batang mayaman
b. matalinong bata
c. anak ng pangulo
d. isang pulubi

10. Ano ang aral na ipinararating ng akdang **Mabangis ang Lungsod?**

a. mahirap mamalimos
b. maraming nagsisimba
c. mahirap talaga ang buhay
d. maraming pulubi

Ikatlong Markahan Modyul Bilang 2
Susi sa Pagwawasto



## *Ano na ba ang alam mo?*

1. b
2. b
3. d
4. b
5. b
6. d
7. a
8. Mali
9. b
10. d

Aralin 1



## *Mga Gawain sa Pagkatuto*

Alamin mo…

Quiapo church ------------------ a
Moske ng mga Muslim ------- l
Carriedo Shopping Mall ------ f
Plaza Miranda ------------------ d
Underpass ---------------------- c
Carriedo St. --------------------- b

Halagang Pangkatauhan

1. x
2. √
3. x
4. √
5. √
6. x
7. √

Linangin mo…

Pagsusuring Panglinggwistika

Tema/Paksa ------------------- Paggamit sa mga pulubi ng mga sindikato.
Suliranin ----------------------- Pagmamalupit ni Bruno kay Adong
Tauhan ------------------------- A. Protagonista - Adong
B. Antagonista - Bruno
C. Tauhang Bilog - Adong
D. Tauhang Lapad - Bruno

Tagpuan ---------------------- Simbahan ng Quiapo
Pangyayari 1 ---------------- Paglalarawan sa Quaipo
Pangyayari 2 ---------------- Pagkilala sa pangunahing tauhan na si Adong
Pangyayari 3 ---------------- Pagpapakita ng pangit na mukha ng Quiapo
Kasukdulan ------------------ Pagpapakita ng pagbabago ng pangunahing tauhan
Kakalasan -------------------- Paninindigan ni Adong na ipagpatuloy ang kanyang ipinaglalaban
Wakas ----------------------- Namatay si Adong

Pagsusuring Pampanitikan

1. a
2. a
3. a
4. b
5. b
6. b
7. a

1. ★ 4. 7.

2. ★ 5. ★

★ 6. ★

Palalimin mo…

| Suliranin | Sanhi | Bunga | Solusyon |
|---|---|---|---|
| 1. Kapabayaan ng magulang sa pag-aaruga ng anak. | Naligaw ng landas ang anak. | Mapariwara o makulong ang anak | Bigyan ng sapat na atensyon/pagmamahal ang anak. |
| 2. Pag-aabuso sa karapatan ng kapwa | Natutong lumaban ang anak at nagiging mapaghimagsik | Magiging salot ng lipunan | Bigyan ng pantay na pagtingin ang mga anak. |
| 3. Pagdami ng mga pulubi sa paligid ng mga simbahan. | Pinagkakakitaan o hanapbuhay ng mga pulubi. | Umaasa sa limos ng iba | Dalhin ang mga batang ito sa DSWD at ang mga matatandang pulubi sa orphanage na kumakalinga sa kanila. |
| 4. Pagdami ng mga batang lansangan. | Pinaghahanapbuhay ng magulang | Hindi nakakaranas ng maayos na pamumuhay | Dalhin sa ahensya ng pamahalaan na nangangalaga sa kanilang kapakanan. |

| | | | |
|---|---|---|---|
| 5. Pagkalat ng mga sindikatong gumagamit ng mga kabataan sa panlilimos at pagnanakaw. | Pinagkakakitaan nila ang mga kabataang namamalimos at nagnanakaw | Yumayaman ang mga sindikato | Dakpin at ikulong ang mga sindikato. |

1. c
2. b
3. a
4. a
5. f
6. l
7. g

Gamitin mo…

1. A, B

Sulatin mo…

Kuwadro 1

Tagpuan
Naganap ang kuwento sa Quiapo noong gabing madilim. Ipinahihiwatig ito ng mga salitang bagol.

Kuwardo 2

Tauhan
Si Adong ang pangunahing tauhan. Siya ay matapang. Sa palagay ko si Adong ang may katangiang matatag at matibay ang paninindigan dahil sa paghihimagsik kay Bruno.

Kuwadro 3

Banghay
Nagsimula ang kuwento sa paglalarawan sa Quiapo. Pagkatapos pagpapakilala sa pangunahing tauhan. Sinundan ito ng pagpapakita ng pangit na mukha ng Quiapo. Pagkatapos ay pagpapakita ng pagbabago ng pangunahing tauhan. Nalutas ang paroblema ng panindigan ni Adong na ipagpatuloy niya ang kanyang paghihimagsik. Nagwakas ang kuwento ng mamatay si Adong.

Lagumin mo…

Sadyang kailangan ang tibay at katatagan ng loob sa buhay upang sa pakikipagsapalaran ay manalig sa Diyos.

Pagsisikap at katatagan at hindi pang-aabuso sa kapwa ang susi sa pag-unlad ng sarili at buhay.

Subuki mo…

| | |
|---|---|
| 1. a | 6. a |
| 2. c | 7. a |
| 3. c | 8. c |
| 4. a | 9. c |
| 5. c | 10. d |

Paunalarin mo…

Namamalimos si Adong at Aling Ebeng sa Quiapo na parehong pulubi. Si Bruno ay nangingikil sa kanila. Itinakbo ni Adong ang napalimusan. Naabutan siya ni Bruno at binugbog.

Aralin 2

## Mga Gawain sa Pagkatuto

Alamin mo…

b, c, e, a, d

Pagsusuring Pampanitikan

Tema/Paksa Maling Paghatol
Suliranin Pagkawala ng Kalupi
Tauhan Protagonista - Andres Reyes
Antagonista - Aling Marta
Tauhang bilog - Aling Marta
Tauhang lapad - Andres Reyes
Tagpuan Pamilihang Bayan sa Tundo
Banghay
Pangyayari 1 Pamimili ni Aling Marta.
Pangyayari 2 Pagkawala ng kalupi ni Aling Marta.
Pangyayari 3 Pagdala kay Andres Reyes sa presinto.
Kasukdulan Pagtakas ng bata kay Aling Marta.
Kakalasan Pagkamatay ng bata.
Wakas Pagkawala ng ulirat ni Aling Marta.

Linangin mo…

1. tanghali
2. maingay
3. nagmamadali]
4. nalungkot
5. nainip
6. mabilis
7. takot

Pagsusuring Pampanitikan

| | | |
|---|---|---|
| 1. a | 1. b | 1. T |
| 2. f | 2. c | 2. T |
| 3. c | 3. a | 3. M |
| 4. b | 4. d | 4. T |
| 5. d | 5. f | 5. T |
| 6. g | | 6. M |
| 7. h | | 7. T |

Halagang Pangkatauhan

1. c
2. d
3. b
4. a
5. c
6. a
7. c

Palalimin mo…

| | |
|---|---|
| 1. P | 6. P |
| 2. P | 7. P |
| 3. N | 8. P |
| 4. P | 9. K |
| 5. N | 10.N |

Gamitin mo…

Sitwasyon A
Sasabihin ko ang totoo upang malinis ko ang aking pangalan.

Sitwasyon B
Sasabihin ko sa pulis ang totoo.

Sulatin mo…
Nag-usap ang magkapatid sa kanilang tahanan. Galit na galit si Anselmo dahil sa pagkawala ng minana niyang kuwintas sa kanyang ama. Pinipilit niyang paaminin si Enrico na siya ang kumuha ng kuwintas sapagkat siya lamang ang tao ng mga oras na iyon sa kanilang bahay. Ngunit ayaw talagang umamin ni Enrico kaya't napilitan si Anselmo na ipahuli at ipakulong si Enrico. Dahil sa hindi pag-amin ni Enrico sa kasalanan. Nang hindi umamin si Enrico siya ay nakulong. Lumipas ang ilang araw, nang naglilinis si Anselmo ng kanilang tahanan siya'y namangha sapagkat nakita niya ang kuwintas na kaniyang hinahanap ay nakalagay sa box ng kanyang sapatos. Laking

sisi niya sa kaniyang nagawa.

Lagumin mo…

Napag-isipan kong sa buhay, may mga taong sadyang mapanghusga.
Nakadama ako ng awa kay Andres.
Nais kong ipaalala na huwag tayong manghusga nang hindi tayo mahusgahan.

Subukin mo,,,

1. b
2. b
3. a
4. b
5. b
6. d
7. b
8. d
9. a
10. a

Paunlarin mo…

1. Huwag kang manghusga nang hindi ka mahusgahan.
2. Ang bawat tao ay may kanya-kanyang kakayahan, nasa atin kung paano ito pauunlarin,
3. Ang lahat ng iyong nakikita ay totoo, maaaring ito'y panlabas na anyo lamang.

## *Gaano ka na kahusay?*

1. c
2. c
3. a
4. d
5. c
6. b
7. c
8. a
9. d
10. c